



PAUNAWA PARA SA WORKSHOP

Abril 12, 2021

BAY AREA

AIR QUALITY

MANAGEMENT

DISTRICT

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OSPISYAL / APCO

PAKSA: VIRTUAL NA PAMPUBLIKONG WORKSHOP TUNGKOL SA MGA KONSEPTO PARA AMYENDAHAN ANG REGULASYON 2: MGA PERMIT

PAUNAWA: Ang Air District ay nagsasagawa ng mga hakbang para matiyak na napoprotektahan ang kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa Bay Area habang ipinapatupad ang mga kautusan sa pampublikong kalusugan sa San Francisco at sa iba pang county ng Bay Area. Kasama rito ang pagsasara ng aming tanggapan sa 375 Beale Street sa San Francisco hanggang sa susunod na pag-abiso tungkol dito. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang aming website:

<https://www.baaqmd.gov/news-and-events/page-resources/2020-news/air-district-operations>.

Ang mga tauhan ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District o Air District) ay magsasagawa ng pampublikong workshop para magpakita, magtalakay, at tumanggap ng mga potensyal na komento tungkol sa mga konsepto sa pag-amyenda sa Regulasyon 2: Mga Permit Ipe-present ang workshop na ito gamit ang Zoom. Inilalarawan sa ibaba ang impormasyon sa pag-access sa virtual na workshop, at ipapadala ang mga materyal sa workshop sa ibang pagkakataon. Ipo-post ang mga materyal ng workshop sa web page na Mga Amyenda sa Regulasyon 2 ng Air District: <https://www.baaqmd.gov/reg-2-permits>

Miyerkules, Mayo 12, 2021

6:00 p.m. – 8:00 p.m.

Para sumali sa pamamagitan ng web browser:

<https://us02web.zoom.us/j/81476946686>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: +1 669 900 6833

Meeting ID: 814 7694 6686

- Para sa pag-interpret ng wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov, o sa 415-749-4914 hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.
- Para información en español, llame al 415-749-4609
- 中文聯絡電話 415-749-4609
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

BACKGROUND

Sinusuri ng Air District ang mga potensyal na pagbabago sa mga panuntunan sa ilalim ng mga Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit upang mabawasan ang mga emisyon sa kapaligiran at pagkakalantad sa mga nagpaparumi sa hangin ng mga residente ng Bay Area. Gustong makatanggap ng staff ng feedback mula sa publiko tungkol sa mga susunod

na hakbang na isasagawa ng ahensya para ma-update ang Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit. Ang Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit ay isang koleksyon ng mga panuntunan na naglalaman ng mga kinakailangang dapat sundin ng mga aplikante para magkaroon ng air permit kapag pinaplano nilang mag-install o magbago ng kagamitang maglalabas ng mga pinaghihigpitang nagpaparumi sa hangin sa nakapaligid na hangin.

Matagal nang hinihikayat ng mga stakeholder ng komunidad ang Air District na suriin muli ang programa nito sa pagbibigay ng permit para matiyak na ang mga komunidad na labis na nakakaranas ng hindi magandang kalidad ng hangin ay hindi patuloy na haharap sa pataas nang pataas na antas ng polusyon kumpara sa ibang lugar. Kinikilala ng Air District na iba't iba ang kalidad ng hangin sa lokal na antas, at matagal na itong nakikipagtulungan sa mga stakeholder ng komunidad, kinatawan ng industriya, at pangkalahatang publiko para magpatupad ng mga patakaran at programa para mapahusay ang kalidad ng hangin sa buong rehiyon at sa antas ng komunidad. Gayunpaman, makikita pa rin sa pinakakamakailang impormasyon na ang ilang lugar ay labis na apektado ng pagpaparumi sa hangin kumpara sa iba, at mas maraming nararanasang isyu sa kalusugan ang ilang komunidad na dahilan kung bakit bulnerable sa pagpaparumi ng hangin ang mga miyembro ng komunidad. Dahil sa mga ito, pinaplano ng mga staff ng Air District na talakayin sa publiko ang ilang potensyal na opsyon na isinasaalang-alang upang pahasayin ang Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit na nakatuon sa pagbibigay ng mga karagdagang panregulasyong proteksyon sa mga labis na apektadong komunidad.

Sa pampublikong workshop, magbibigay ang mga staff ng Air District ng panregulatoryong pangkalahatang-ideya sa mga programa sa pagbibigay ng permit at magpapakita sila ng mga potensyal na konsepto para maamyendahan ang mga partikular na panuntunan sa Regulasyon, batay sa feedback sa proseso ng pagbibigay ng permit hanggang sa puntong itong natanggap ng mga staff sa mga pulong ng Lupon at sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad sa pakikipag-ugnayan. Ang workshop ay magsisilbing forum para sa mga kalahok sa workshop para magbigay ng feedback sa mga staff sa mga tinalakay na paksa.

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Magiging available ang mga materyal sa workshop bago ang workshop sa: <https://www.baaqmd.gov/reg-2-permits>. Ang mga interesadong partido ay iniimbitahang magsumite ng mga nakasulat na komento sa Concept Paper. Tatanggap ng mga komento sa Concept Paper sa oras ng workshop, o puwedeng magsumite ng mga ito sa pamamagitan ng pagsulat sa Air District. Ang takdang petsa ng pagsusumite ng mga komento sa mga materyal na ito ay sa Biyernes, Mayo 28, 2021 sa ganap na 5:00 p.m. Para sa mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay Jacob Finkle, Senior Air Quality Specialist, sa jfinkle@baaqmd.gov. Susuriin ng mga staff ang mga natanggap na komento sa oras ng workshop at sa panahon ng pagkokomento. Gagamitin ng mga staff ang pagsusuring ito para tumulong na i-draft ang mga pag-aamyenda sa mga partikular na panuntunan sa Pagbibigay ng Permit kasama ang isang nauugnay na ulat sa workshop bilang paghahanda sa kasunod na pampublikong workshop na isasagawa sa mga susunod na buwan.